

BAKUNA SA TETANO, DIPTERYA (Td) o TETANO, DIPTERYA, PERTUSIS (Tdap)

ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

Maraming Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna ay maaaring makuha sa Espanyol at iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1 Bakit Magpapabakuna?

Ang mga batang 6 na taon ang edad at mas bata ay pangkaraniwang binabakunahan laban sa tetano, dipterya at pertusis. Pero ang mas matandang mga bata, adolescente, at may sapat na gulang ay nangangailangan din ng proteksiyon laban sa mga sakit na ito. Ang mga bakuna sa Td (Tetano, Dipterya) at Tdap (Tetano, Dipterya, Pertusis) ay nagkakaloob ng proteksiyong iyon.

TETANO (Paninigas ng Panga) ay nagiging sanhi ng masasakit na hilab ng kalamnan, karaniwang sa buong katawan.

- Ito ay maaaring humantong sa paghihigpit ng mga kalamnan ng panga kaya hindi maibukas ng biktima ang bibig o hindi siya makalunok. Ang tetano ay pumapatay ng humigit-kumulang na 1 sa 5 tao na naimpeksyon.

DIPTERYA ay nagiging sanhi ng makapal na balot sa likod ng lalamunan.

- Ito ay maaaring humantong sa mga problema sa paghinga, pagkalumpo, hindi pagganap ng puso, at maging sa pagkamatay.

PERTUSIS (Dalahit ng Ubo) ay nagiging sanhi ng matitinding pag-ubo, pagsusuka at nagagambalang pagtulog.

- Ito ay maaaring humantong sa pagkabawas ng timbang, kawalan ng pagpipigil, mga pagkabali ng tadyang at pagkawala ng malay mula sa matinding pag-ubo. Hanggang 2 sa 100 adolescente at 5 hanggang 100 may sapat na gulang na may pertusis ang naoospital o nagkakaroon ng mga komplikasyon, kabilang ang pulmunya.

Ang tatlong sakit na ito ay dulot lahat ng bakterya. Ang dipterya at pertusis ay kumakalat sa mga tao. Ang tetano ay pumapasok sa katawan sa pamamagitan ng mga hiwa, gasgas, o sugat.

Ang Estados Unidos ay pangkaraniwang nagkakaroon ng higit sa 1,300 kaso ng tetano at 175,000 kaso ng dipterya bawat taon bago dumating ang mga bakuna. Mula noong magkaroon ng mga bakuna, ang mga kaso ng tetano ay bumaba ng higit sa 96% at ang kaso ng dipterya ay bumaba ng higit sa 99.9%.

Bago dumating ang 2005, ang mga bata lamang na wala pang 7 taon ang edad ang maaaring makatanggap ng bakuna sa pertusis. Noong 2004 may higit sa 8,000 kaso ng pertusis sa Estados Unidos sa mga adolescente at higit sa 7,000 kaso sa mga may sapat na gulang.

2 Mga bakuna sa Td at Tdap

- Ang mga bakuna sa Td ay maraming taon nang ginagamit. Ito ay nagpoprotekta laban sa mga tetano at dipterya.
- Ang Tdap ay nilisensiyahan noong 2005. Ito ang unang bakuna para sa mga adolescente at may sapat na gulang na nagpoprotekta laban sa lahat ng tatlong sakit.

Tala: Sa panahong ito, ang Tdap ay may lisensiya para lamang sa isang pambuong-buhay na dosis kada tao. Ang Td ay ibinibigay tuwing 10 taon, at mas madalas kung kailangan.

Ang mga bakunang ito ay magagamit sa tatlong paraan: 1) bilang panghabol para sa mga taong hindi nakuha ang lahat ng mga dosis ng DTaP o DTP noong sila ay mga bata pa, 2) bilang isang pampataas na dosis tuwing 10 taon, at 3) para sa proteksiyon laban sa impeksyon ng tetano pagkatapos ng isang sugat.

3 Aling bakuna, at kailan?

Pangkaraniwan: Mga adolescente na 11 hanggang 18

- Ang isang dosis ng Tdap ay inirerekomenda para sa mga adolescente na tumanggap ng DTaP o DTP bilang mga bata at hindi pa nakatanggap ng pampataas na dosis ng Td. Ang pinipiling edad ay 11-12.
- Ang mga adolescenteng nakatanggap na ng pampataas na dosis ng Td ay hinihimok na kumuha rin ng dosis ng Tdap, para sa proteksiyon laban sa pertusis. Ang paghihintay ng hindi kukulangin sa 5 taon sa pagitan ng Td at Tdap ay hinihimok, pero hindi iniaatas.
- Ang mga adolescente na hindi nakatanggap ng lahat ng kanilang mga nakatakdang dosis ng DTaP o DTP noong mga bata pa ay dapat kumpletuhin ang serye na gumagamit ng kombinasyon ng Td at Tdap.

Pangkaraniwan: Mga May Sapat na Gulang na 19 at Mas Matanda

- Lahat ng mga may sapat na gulang ay dapat tumanggap ng pampataas na dosis ng Td tuwing 10 taon. Ang mga may sapat na gulang na wala pang 65 na hindi pa nakatanggap ng Tdap ay dapat ihalili ito para sa susunod na pampataas na dosis.
- Ang mga may sapat na gulang na umaasa na magkaroon ng malapit na kontak sa isang sanggol na mas bata kaysa 12 buwan ang edad (kabilang ang mga babae na maaaring mabuntis) ay dapat kumuha ng isang dosis ng Tdap. Ang paghihintay ng hindi kukulangin sa 2 taon mula sa huling dosis ng Td ay iminumungkahi, pero hindi iniaatas.
- Ang mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na wala pang 65 na may tuwirang kontak sa pasyente sa mga ospital o klinika ay dapat kumuha ng isang dosis ng Tdap. Ang isang 2-taong pagitan mula noong pinakahuling Td ay iminumungkahi, pero hindi iniaatas.

Ang mga bagong ina na hindi pa nakatanggap na Tdap ay dapat tumanggap ng isang dosis sa pinakamaagang panahong magagawa pagkatapos manganak. Kung ang pagbakuna ay kailangan sa panahon ng pagbubuntis, ang Td ay karaniwang mas pinipili kaysa Tdap.

Proteksiyon Pagkatapos ng Isang Sugat

Ang isang taong nagkaroon ng matinding hiwa o paso ay maaaring mangailangan ng isang dosis ng Td o Tdap upang pigilan ang impeksiyon ng tetano. Ang Tdap ay maaaring gamitin para sa mga taong hindi pa nakatanggap ng dosis. Pero ang Td ay dapat gamitin kung ang Tdap ay hindi makukuha, o para sa:

- sinuman na tumanggap na ng isang dosis ng Tdap,
- mga batang 7 hanggang 9 na taon ang edad, o
- may sapat na gulang na 65 at mas matanda.

Ang Tdap at Td ay maaaring ibigay nang kasabay ng ibang mga bakuna.

4 May mga tao na hindi dapat bakunahan o dapat maghintay

- Sinuman na nagkaroon na ng nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya pagkatapos ng isang dosis ng DTP, DTaP, DT, o Td ay hindi dapat tumanggap ng Td o Tdap.
- Sinuman na may matinding alerhiya sa alinmang sangkap ng isang bakuna ay hindi dapat tumanggap ng bakunang iyon. Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga kung ang taong tatanggap ng bakuna ay may malulubhang alerhiya.

- Sinumang nakaranas na ng koma, o matagal o maraming atake o sumpung sa loob ng 7 araw pagkatapos ng isang dosis ng DTP o DTaP ay hindi dapat tumanggap ng Tdap, maliban kung may isang dahilan na iba sa bakuna na natagpuan (ang mga taong ito ay *maaaring* tumanggap ng Td).
- Kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga kung ang taong tatanggap ng alinman sa mga bakuna ay:
 - may epilepsiya o ibang problema sa sistema ng nerbiyo,
 - nagkaroon ng matinding pamamaga o matinding pananakit pagkatapos ng isang naunang dosis ng bakuna laban sa DTP, DTaP, DT, Td, o Tdap, o
 - nagkaroon na ng Guillain Barré Syndrome (GBS).

Sinuman na may katamtaman o malubhang sakit sa araw na ang iniksiyon ay nakatakda ay pangkaraniwang dapat maghintay hanggang gumaling sila bago tumanggap ng bakuna sa Tdap o Td. Ang isang taong may banayad na sakit o mahinang lagnat ay karaniwang maaaring bakunahan.

5 Ano ang mga panganib mula sa mga bakuna sa Tdap at Td?

Sa isang bakuna (tulad ng anumang gamot) laging may maliit na panganib ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya o ibang seryosong problema.

Ang pagkakaroon ng tetano, dipterya o pertusis ay mas malamang na humantong sa malubhang problema kaysa pagtanggap ng alinman sa mga bakuna.

Ang mga problemang iniulat pagkatapos ng mga bakuna sa Td at Tdap ay nakalista sa ibaba.

Mga Banayad na Problema

(Napapansin, pero hindi nakagagambala sa mga gawain)

Tdap

- Pananakit (humigit-kumulang na 3 sa 4 na adolesente at 2 sa 3 may sapat na gulang)
- Pamumula o pamamaga (humigit-kumulang na 1 sa 5)
- Banayad na lagnat na hindi kukulangin sa 100.4°F (hanggang humigit-kumulang na 1 sa 25 adolesente at 1 sa 100 may sapat na gulang)
- Sakit ng ulo (humigit-kumulang na 4 sa 10 adolesente at 3 sa 10 may sapat na gulang)
- Pagkahapo (humigit-kumulang na 1 sa 3 adolesente at 1 sa 4 na may sapat na gulang)
- Alibadbad, pagsusuka, pagtatae, sakit ng tiyan (hanggang 1 sa 4 na adolesente at 1 sa 10 may sapat na gulang)
- Ginaw, pananakit ng katawan, masakit na kasukasan, singaw, mga namamagang glandula (hindi karaniwan)

Td

- Pananakit (hanggang humigit-kumulang na 8 sa 10)
- Pamumula o pamamaga (hanggang humigit-kumulang na 1 sa 3)
- Banayad na lagnat (hanggang humigit-kumulang na 1 sa 15)
- Sakit ng ulo o pagkahapo (hindi karaniwan)

Mga Katamtamang Problema
(Nakagagambala sa mga gawain, pero hindi nangangailangan ng atensiyong medikal)

Tdap

- Pananakit sa lugar ng iniksiyon (humigit-kumulang na 1 sa 20 adolesente at 1 sa 100 may sapat na gulang)
- Pamumula at pamamaga (hanggang humigit-kumulang na 1 sa 16 na adolesente at 1 sa 25 may sapat na gulang)
- Lagnat na higit sa 102°F (humigit-kumulang sa 100 adolesente at 1 sa 250 may sapat na gulang)
- Sakit ng ulo (1 sa 300)
- Alibadbad, pagsusuka, pagtatae, sakit ng tiyan (hanggang 3 sa 100 adolesente at 1 sa 100 may sapat na gulang)

Td

- Lagnat na higit sa 102°F (bihira)

Vaccine Information Statement (Interim)

Td & Tdap Vaccines IMM-510TAG – Tagalog (11/18/08)
Translated by Transcend Translations, Davis, CA

U.S.C. 42 §300aa-26
www.transcend.net

Tdap o Td

- Malawak na pamamaga ng braso kung saan ibinigay ang iniksiyon (hanggang humigit-kumulang na 3 sa 100).

Malulubhang Problema
(Hindi magampanan ang mga karaniwang gawain; nangangailangan ng atensiyong medikal)

Tdap

- Dalawang may sapat na gulang ang nagkaroon ng mga problema sa sistema ng nerbiyo pagkatapos tumanggap ng bakuna sa panahon ng pagsubok sa klinika. Ito ay maaaring sanhi o hindi sanhi ng bakuna. Ang mga problemang ito ay kusang nawala at hindi naging sanhi ng anumang permanenteng pinsala.

Tdap o Td

- Pamamaga, matinding pananakit, at pamumula sa braso kung saan ang iniksiyon ang ibinigay (bihira).

Ang isang malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring mangyari pagkatapos ng anumang bakuna. Ang mga ito ay tinatantiyang mangyari nang kulang sa isang beses sa isang milyong dosis.

6 Paano kung may malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang di-pangkaraniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o mga pagbabago ng asal. Sa mga palatandaan ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o paghuni, pamamantal, pamumutla, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo.

Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- Sabihin sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at ang oras na nangyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng isang form ng Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O puwede ninyong iharap ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.

Ang VAERS ay hindi nagkaloob ng *payong paggamot*.

7 Ang Pambansang Programa sa Kabayaran sa Pinsala ng Bakuna

May isang pederal na programa upang tumulong na bayaran ang pangangalaga ng sinuman na may seryosong reaksiyon sa isang bakuna.

Para sa mga detalye tungkol sa Pambansang Programa sa Kabayaran sa Pinsala sa Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program) tumawag sa 1-800-338-2382 o bisitahin ang kanilang website sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation.

8 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Itanong sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga. Sila ay puwedeng magbigay sa inyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
 - Tumawag sa 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO) o
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines.



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION